

# Paunang Salita

**A**nim na kuwentong bayan sa wikang Waraynon at Filipino ang mababasa sa librong ito. Muling isinalaysay ang mga kuwento ng mga kasali sa Kuwentong Supling Writeshop na ginawa sa Tacloban, Leyte noong Agosto 12- 15, 2016. Inaasahang magagamit ito sa pagtuturo sa K-12 Program na gamit ang wika ng tahanan o mother tongue at wikang Filipino sang-ayon sa patakarang Mother Tongue Based- Multilingual Language Education sa bansa.

Labing-apat (14) na guro sa iba't ibang lugar sa Rehiyon 8 na mga iskolar ng Graduate Diploma on Cultural Education (GDCE), isang programa ng PCEP, ang mga sumali sa workshop na pinamahalaan ko. Nasa pabalat ng libro ang mga pangalan nila at mga retrato. Dumaan sila sa palihan ng pagsulat ng kuwentong muling pagsasalaysay: nakinig at nagtalakayan tungkol sa katwiran at paraan ng muling pagsasalaysay bilang isang anyo ng panitikang pambata, sumulat, nakinig sa anim na burador, nagmungkahi, nagsulat muli. Pagkatapos ay tulong-tulong na gumawa ng isang ilustrasyon para sa bawat kuwento gamit ang mga karaniwang materyal sa pagdrowing at pagkulay. Lumabas ang kanilang galing at pagkamalikhain. Ang mga ilustrasyong nagpapakilala sa bawat kuwento sa librong ito ang patunay nito. Dumaan naman sa pagkikinis ang mga teksto sa pagtutulungan ng language editor sa wikang Waray at ng mga editor ng mga libro mismo.

Ang konsepto at paraan ng Kuwentong Supling na pinalalaganap ng samahang Supling Sining

Inc. ang gumabay sa pagbuo ng mga kuwento. Tulad ng katangian ng panitikang bayan ng tradisyong oral ng Pilipinas, ang mga kuwento dito ay binuo ng komunidad ng mga gurong iskolar ng GDCE para sa komunidad ng mga bata sa pampublikong paaralan sa mga barangay sa rehiyon. Sa balikatan, natuklas nila na kaya nilang lumikha at bumuo ng mga kuwentong mababasa ng mga bata at matuto sa mga ito.

Samantalang maipapalagay na tagumpay na ang layunin ng proyekto sa paglilimbag ng aklat na ito, naiwan naman ang ilang palaisipan sa pag-unawa natin sa wika ng bata o mother tongue. Mas masalimuot ang tiyak na karanasan kaysa sa palagay na may isang wikang Waray na naiintindihan sa buong rehiyon. Ang mga dayalektal na pagkakaiba-iba sa iba't ibang bahagi ng rehiyon ay naging hamon. Kaya naman ang kongkretong sitwasyong nakita namin dito ay patuloy na isasaalang-alang kaugnay ng usapin ng mother tongue sa pagtuturo.

Rosario Torres-Yu  
Professor Emeritus  
Patnugot